



Translation and Analysis of Selected Maguindanaon Folktales: Basis for Developing Comics as Teaching Materials

Ferdos R. Mangindla¹, Anesa P. Mangindra, PhD²

¹Department of Education, Lutayan National High School – Tamang, Lutayan, Sultan Kudarat, Philippines

Email: ferdos.mangindla@deped.gov.ph

²Graduate School, Sultan Kudarat State University, Philippines

Email: apmangindra@gmail.com

Abstract

The folktales of the Maguindanaon people reflect their rich culture, history, and identity. This study aims to translate and analyze selected Maguindanaon folktales as a basis for developing comics as instructional materials. It also seeks to identify the material and non-material cultural elements present in these folktales and to assess the validity and acceptance of the developed comics in the classroom setting. The folktales were collected from Barangay Sisiman in Lutayan, Sultan Kudarat. Twenty teachers and students from Lutayan National High School evaluated the comics. A descriptive-developmental method was used to guide the translation, analysis, and creation of the comics, with the goal of enhancing local literature instruction. Results showed that the translation was appropriate, as validated by Maguindanaon teachers. The folktales were found to be rich in cultural content, and the comics received a high validity rating. Both teachers and students positively accepted the material, indicating its effectiveness. The study concludes that creative approaches, such as using comics based on local literature, can effectively promote student engagement and learning.

Keywords: *comics, cultural elements, instructional material, Maguindanaon folktales, translation and analysis,*

PANIMULA

Ang kuwentong-bayan ay isang anyo ng panitikang-bayan na naglalaman ng mga salaysay tungkol sa mga kaugalian, tradisyon, paniniwala, at aral ng isang komunidad. Ang kuwentong-bayan ay nagsisilbing mabisang paraan upang ang mga kultura mula sa iba't ibang bahagi ng mundo ay maipakilala at maging bahagi ng mas malawak na pag-unawa at pagpapahalaga sa kultura ng iba. Ayon sa pag-aaral nila Ningsih et al. (2024), ang mga kuwentong-bayan ay hindi lamang kasangkapan para sa pagpapasaya, kundi isa ring paraan ng pagpapasa ng kaalaman, mga pagpapahalagang moral, at mga panlipunang alituntunin na itinuturing na mahalaga ng isang komunidad.

Ang Pilipinas tulad rin ng ibang bansa, ito ay kilala na rin sa pagkakaroon ng mayaman na panitikan. Sinasabi ng maraming manunulat at historyador na unang sumulat ng kasaysayan, na ang mga Pilipino ay mayroon nang sariling panitikan bago pa man dumating ang mga Espanyol sa

<https://ijase.org>

kapuluhan (Nibalvos, 2019). Ang kuwentong-bayan bilang bahagi ng panitikan ay may mahalagang bahagi ng kulturang Pilipino dahil nagsisilbi itong tagapag-ingat ng mga tradisyon, moralidad, at mga pamantayan sa lipunan.

Ang Maguindanaon ay isa rin sa pangkat etnikong mayaman sa panitikan. Ayon kay Saliao (2013), ang Maguindanaon ay tulad din ng ibang tribu sa Pilipinas na mayaman sa panitikan. Ang kanilang kuwentong-bayan ay nagtataglay ng magagandang salaysay at magandang kaisipan na marapat lamang na maibahagi at maipakilala. Ayon kay Alunan (2015), ang pag-aaral ng mga akdang nakasulat sa bernakular ay hindi lamang mahalaga sa pagtuturo ng lokal na kultura at gramatika; ito rin ay nagbibigay-halaga sa artistikong katangian ng akda at sa kontekstong pinagmulan nito.

Sa mga pag-aaral patungkol sa katutubong panitikan ng Maguindanaon, mayroong na ring ilang pag-aaral na naisagawa patungkol dito. Naging tuon ng pag-aaral ay pagsusuri ng katutubong panitikan ng Maguindanaon gaya ng kuwentong-bayan at mga epiko (Gonsang 2023, Mangindra et al. 2021, Mangindra 2019, Dalandangan 2017 at Mantikayan 2016). Mahihinuna rito na wala pang nagagawang pag-aaral na ang binigyan ng tuon ay pagbuo ng komiks batay sa katutubong panitikan ng Maguindanaon.

Buhat rito, nagkaroon ng interes ang mananaliksik na pag-aralan ang pagsasalin at pagsusuri ng mga piling kuwentong-bayan ng Maguindanaon na siyang batayan sa pagbuo ng komiks. Nais patunayan ng mananaliksik na ang kuwentong-bayan ng Maguindanaon ay maaaring maging lunsaran sa pagbuo ng komiks bilang kagamitang pampagtuturo na maaaring mas makatawag-pansin sa mga mag-aaral, at magbibigay ng pagkakataon para sa iba't ibang grupo na mas maunawaan at pahalagahan ang kultura ng Maguindanaon, na maaaring magtaguyod ng pagkakaisa at respeto.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong magsuri at magsalin ng piling kuwentong-bayan ng Maguindanaon na siyang batayan sa pagbuo ng komiks bilang kagamitang pampagtuturo. Ispesipikong nilalayon din ng pag-aaral na masagot ang sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng baliditi ng pagkakasalin sa Wikang Filipino ng piling kuwentong-bayan Maguindanaon ayon sa:
 - 1.1 Kawastuhan ng Pangretorika;
 - 1.2 Kawastuhan ng Panggramatika;
 - 1.3 Kalinawan ng Salin; at
 - 1.4 Katangiang Pampanitikan?
2. Ano-ano ang materyal at di-materyal na kultura ang masasalaman sa mga piling kuwentong-bayan ng Maguindanaon?
3. Ano ang antas ng baliditi ng binuong komiks mula sa mga kuwentong-bayan ng Maguindanaon ayon sa:
 - 3.1 Nilalaman ng Komiks;
 - 3.2 Paglikha at Anyo;
 - 3.3 Disenyo at Layout; at
 - 3.4 Pagkalahatang Ayos?

4. Ano ang antas ng pagtanggap ng binuong komiks mula sa mga kuwentong-bayan ng Maguindanaon ayon sa:
 - 4.1 Nilalaman ng Komiks;
 - 4.2 Disenyo at Organisasyon ng Kagamitan;
 - 4.3 Kalidad ng Teksto at Anyo ng Kagamitan;
 - 4.4 Wika at Pagsasalin; at
 - 4.5 Kaugnayan?

1.1. Teoretikal na Balangkas

Sa pag-aaral na ito, nagsilbing gabay ang teorya ng Sosyo-kultural ni Vygotsky (1978) na naglalahad na ang mga *Cultural Tools* o kagamitang kultural, gaya ng wika, simbolo, at teknolohiya, ay mahalaga sa proseso ng pagkatuto. Ang paggamit ng mga kasangkapang ito ay nakatutulong sa pag-unlad ng pag-iisip at nagpadadali sa pagsasalin ng kaalaman mula sa isang henerasyon patungo sa kasunod.

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay din sa *Constructivist Learning Theory* ni Piaget (1980), na nagsasaad na mas natututo ang mga mag-aaral kapag aktibo silang nakikilahok sa pagbuo ng sariling kaalaman batay sa karanasan at interaksyon. Ayon kay Driscoll (2000), ang teoryang ito ay nagpapalalim sa lohikal at konseptwal na pag-unlad ng mag-aaral. Kaugnay nito, ang paggamit ng kuwentong-bayan ng Maguindanaon sa pagbuo ng komiks ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na iugnay ang mga tauhan at tema sa kanilang sariling karanasan, lalo na kung may koneksyon sila sa kulturang nakapaloob sa akda.

Ginamit din sa pag-aaral ang Multimodal Learning Theory ni Kress (1997), na nagsasaad na mas epektibong natututo ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng iba't ibang modality tulad ng teksto, larawan, tunog, at kilos. Ayon kay Daniels (2001), mahalaga ang pag-uugnay ng aralin sa pang-araw-araw na buhay ng mga mag-aaral upang maging makabuluhan ang pagkatuto. Sa kontekstong ito, ang komiks bilang biswal na representasyon ng kuwentong-bayan ay nagsisilbing makabagong kasangkapan sa pagtuturo, kung saan ang pagsasanib ng teksto at imahen ay nakatutulong sa mas malalim na pag-unawa, lalo na sa mga batang mag-aaral.

1.2. Konseptwal na Balangkas

Ang pag-aaral na ito ay gumamiit ng modelong Input-Process-Output (IPO) upang mailarawan ang daloy ng pag-aaral, mula sa pangangalap ng kuwentong-bayan ng Maguindanaon hanggang sa pagsuri at pagbuo ng komiks bilang kagamitan sa pagtuturo. Ipinapakita rin ng balangkas na ito ang proseso na sumasaklaw sa mga hakbanging gagawin ng mananaliksik kabilang ang pakikipanayam, pagsasalin, pagsusuri, pagbuo ng *storyboard* at pagbabalido ng nabuong komiks. Bilang awtput, inaasahang makabubuo ng balidong komiks bilang kagamitang pampagtuturo mula sa kuwentong-bayan ng Maguindanaon.




Figura 1. Paradaym ng Pag-aaral

METODOLOHIYA

2.1 Disenyo

Ang pag-aaral ay gumamit ng disenyong deskriptib-debelopmental na naglalayong makabuo ng komiks bilang kagamitang pampagtuturo batay sa kuwentong-bayan ng Maguindanaon at upang makatulong sa isang pedagogikal at akademikong larang. Ayon kay Hoffman (2013), ang ganitong uri ng disenyo ng pananaliksik ay isang mabuting teknik para mailarawan ang mga katangian ng populasyon o penomenang sinusuri. Hindi nito sinasagot kung paano, kailan, o bakit nabuo ang mga katangiang ito, kundi sinasagot lamang ang tanong na ano. Ang mga katangiang ginagamit upang ilarawan ang mga sitwasyon o populasyon ay kadalasang may katangiang kategoryal at tinatawag na mga deskriptibong kategorya. Ang mapanuring pananaliksik ay sumusunod sa deskriptibong pananaliksik.

2.2 Respondente

Ang naging impormate ng pananaliksik na siyang pinagkunan ng mga kuwentong-bayan ng ay mga Maguindanaon na nasa limampung (50) taong gulang upang matiyak ang katagalan ng mga ito at sapat na kaalaman tungkol sa kuwentong-bayan sa Baranggay Sisiman, Lutayan, Sultan Kudarat. Samantala, limang (5) gurong Maguindanaon na nagpakadalubhasa Filipino ang nagsilbing balideytor ng antas ng baliditi ng pagkakasalin. Para sa antas ng baliditi ng nabuong komiks ay nagsilbing balideytor ang dalawampung (20) guro na nagtuturo sa Lutayan National High School. Sa pagtukoy ng antas ng patanggap na nabuong komiks mula sa mga kuwentong-bayan ng Maguindanaon bilang gamitang pampagtuturo, ay nagsilbing respondente ay dalawampung (20) guro at dalawampung (20) mag-aaral sa ikapitong (7) baitang ng Lutayan National High School. Pinili ang mga balideytor sa pamamagitan ng *purposive sampling*.

2.3 Instrumento

Sa pagkalap ng kuwentong-bayan ng Maguindanao ay direktang nagtungo ang mananaliksik sa mga impormante upang sila ay kapanayamin. Matapos makalap ang kuwentong-bayan ng Maguindanaon at maisalin ay ginawan ito ng *storyboard* na siyang pinagbasihan ng binuong komiks bilang kagamitang pampagtuturo.

Ipinasuri ito sa mga balideytor gamit ang talatanungan upang alamin ng antas ng baliditi ng pagsasalin ng kuwentong-bayan ng Maguindanaon patungo sa wikang Filipino. Sinuri ang antas ng baliditi ng pagkakasalin batay sa apat (4) na pamantayan, una kawastuhang pangretorika,

pangalawa kawastuhan ng panggramatika, pangatlo kalinawan ng salin, at pang-apat ay ang katangiang pampanitikan, Sa balidasyong ng pagkakasalin ng kuwentong-bayan ng Maguindanaon sa Filipino ginamit ang *likert – Five (5) Scale*.

Sa pagbabalido sa nabuong komiks mula sa kuwentong-bayan ng Maguindanaon bilang kagamitang pampagtuturo, gumamit rin ng talatanungan upang malaman ang antas ng baliditi ng komiks batay sa apat (4) na pamantayan. Ang unang pamantayan ay nilalaman ng komiks, pangalawa paglikha at anyo, pangatlo disenyo at *layout*, at pang-apat na pamantayan ay pangkalahatang-ayos. Ginamit ang *likert – Five (5) Scale* upang sukatin ang pananaw at opinyon ng respondente sa antas ng baliditi ng nabuong komiks

Sa pagsukat ng antas ng pagtanggap ng komiks mula sa kuwentong-bayang ng Maguindanaon bilang kagamitang pampagtuturo, gumamit rin ng talatanungan batay sa limang (5) pamantayan. Una ay ang nilalaman ng komiks, pangalawa disenyo at organisasyon ng kagamitan, pangatlo kalidad ng teksto at anyo ng kagamitan, pang-apat wika at pagsasalin, at panlima ay kaugnayan. Gumamit rin ng *likert – Five (5) Scale* upang sukatin ang pananaw at opinyon ng respondente sa antas ng pagtanggap ng nabuong komiks bilang kagamitang pampagtuturo.

2.4 Istatistikal Tritment

Sa pagtukoy ng baliditi ng pagsasalin ng kuwentong-bayan, antas ng baliditi ng nabuong komiks at antas ng pagtanggap ng komiks bilang kagamitang pampagtuturo, ginamit ang kagamitang pang-istatistikal na *Descriptive Statistics* para sa pagpapakahulugan sa mga nalikom na datos at pagbuo ng kongklusyon. Para sa mga talahanayan at interpretasyon ng mga tugon sa antas ng baliditi ng pagkakasalin, antas ng baliditi ng nabuong komiks at antas ng patanggap sa nabuong komiks bilang kagamitang pampagtuturo batay sa mga kuwentong-bayang ng Maguindanaon. Kinuha ang *Mean* upang malaman ang pangkalahatang antas ng tugon ng mga tagasagot, at *Standard Deviation* sa pagsukat ng pagkakaiba-iba ng sagot ng mga tagasagot upang makita kung mayroong pagkakasundo o hindi. Binigyan ng pagpapakahulugan ang resulta gamit ang *likert – Five (5) Scale*.

Panghuli, ang makabuluhang kaibahan sa pagtanggap ng guro at mag-aaral para sa nabuong komiks batay sa kuwentong-bayan ng Maguindanaon, ay sinuri gamit ang ANOVA (Analysis of Variance). Sa pag-aaral na ito, inihambing ang mga mean na antas ng akseptabilidad ng mga guro at mga mag-aaral ayon sa nilalaman ng komiks, disenyo at organisasyon, kalidad ng teksto at anyo ng kagamitan, wika at pagsasalin, at kaugnayan. Ang resulta ay nagbigay ng mas malalim na pag-unawa kung mayroong makabuluhang pagkakaiba ang pananaw ng mga guro at mag-aaral sa pagtanggap ng nabuong komiks.

RESULTA AT INTERPRETASYON

Makikita sa bahaging ito ang paglalahad, pagsusuri at pagpapakahulugan ng mga datos na nakalap mula sa pag-aaral kaugnay ng pagsasalin at pagsusuri ng piling kuwentong-bayan ng Maguindanaon na siyang batayan sa pagbuo ng komiks bilang kagamitang pampagtuturo.

Talahanayan 1. Antas ng Baliditi ng Pagkakasalin ng Kuwentong-Bayan ng Maguindanaon patungo sa Wikang Filipino

Domeyn	SD	Mean	Deskriptibong Antas
Kawastuhang Panretorika	0.20	4.88	Napakaangkop
Kawastuhang Panggramatika	0.42	4.72	Napakaangkop
Kalinawan ng Salin	0.18	4.92	Napakaangkop
Katangiang Pampanitikan	0.20	4.88	Napakaangkop
Kabuoan	0.25	4.85	Napakaangkop

Ipinakikita sa Talahanayan 1 ang antas ng balidasyon ng pagkakasalin ng kuwentong-bayan ng Maguindanaon sa patungo sa wikang Filipino. Batay sa datos, ang kalinawan ng salin ay nakatanggap ng *mean* na 4.92 (SD = 0.18) na nangangahulugang napakaangkop. Sinundan ito ng kawastuhang pangretorika ($m = 4.88$, SD = 0.20), katangiang pampanitikan ($m = 4.88$, SD = 0.20), at kawastuhang panggramatika na nakakuha ng parehong deskriptibong antas. Sa pangkalahatan, ang pagsasalin ay nakatanggap ng kabuuang *mean* na 4.87 (SD = 0.10), na may deskripsiyong napakaangkop.

Talahanayan 2. Materyal at Di-Materyal na Kultura na Masasalamatin sa Nakalap na Piling Kuwentong-Bayan ng Maguindanaon

Kuwentong-Bayan	Materyal	Di-Materyal
<i>Su Pangengemen a Karen</i> (Mga Alagang Kuneho)	<i>Kampilan</i> <i>Sundang</i>	Pamumuno ng Datu Katapangan Pagbubunutan Paggawa ng Kasunduan Panlilinlang Bayanihan
<i>Si Manok endo Papanok</i> (si Manok at Ibon)	<i>Dulang</i>	<i>Kanduli</i> Pamumuno ng Datu <i>Pagsumpa</i>
<i>Si Madengke Endo Malimo</i> (Si Madamot at Mapagbigay)	<i>Tubaw</i> <i>Kadtinambedan</i>	Pagiging Matulungin Pagsasaka Pagnenegosyo, Bayanihan
<i>Su Kemel Ni Datu Markay</i> (Mga Daliri ni Datu Markay)	<i>Kulintang/</i>	Kanduli Pagiging Matiyaga Pagsusumikap
<i>Su Walay Ni Baw</i> (Ang Bahay ni Pagong)	Tungkod	Pamumuno ng Datu Pagpataw ng Parusa Paghuhukom
<i>Su Kinadtampung Ni Datu Rahmat Endo Bai Mamalo</i> (Ang Kasalan ni Datu Rahmat at Bai Mamalo)	Banig Sibat <i>Sundang</i> Perlas	Mandirigma Pamamanhikan Pamumuno ng Datu Pagsubok Katapangan Kasal Pagrespeto sa Tradisyon

<i>Si Masla Endo Manot</i> (Si Malaki at Maliit)	<i>Sundang</i> Patibong <i>Agong</i>	Pamumuno ng Datu Albularyo Propesiya Mandirigma
---	--	--

Ipinakikita sa Talahanayan 2 ang mga kuwentong-bayan ng Maguindanaon na nakalap na may pamagat na **Pangengemen a Karen**, ay kinapapalooban ng kulturang materyal na *kampilan*, *sundang*, at kulturang di-materyal na Pamumuno ng Datu, Katapangan, Paggawa ng kasunduan, Panlilinlang, at Bayanihan. Sa Kuwentong **Si Manok at Papanok** naman ay maroon kulturang materyal na *dulang* at di-materyal na kultura na *kanaduli*, pamumuno ng Datu, at pagsumpa. Ang kuwentong **Si Madengke endo Malimo**, may materyal na kultura na *tubaw* at *kadtinambedan*, at di-materyal na kultura na pagiging matulungin, pagsasaka, pagnenegosyo, at bayanihan. Para naman sa **Su Kemel ni Datu Markay**, may materyal na kulturang *kulintang* at di-materyal na kulturang *kanduli*, pagiging matiyaga, at pagsusumikap. Sa kuwentong **Su Walay ni Baw** ay nagpakita ng materyal na kulturang tungkod at di-materyal na kulturang pamumuno ng Datu, papapataw ng parusa at paghuhukom. Sa kuwentong-bayan na **Su Kinadtampung ni Datu Rahmat endo Bai Mamalo**, may materyal na kulturang banig, sibat, *sundang* at perlas, sa di-materyal na kulturang mandirigma, pamamanhikan, pamumuno ng Datu, pagsubok, katapangan, kasal, at pagrespeto sa tradisyon. Sa huling kuwentong-bayan na **Si Masla endo Manot** ay may materyal na kulturang *sundang*, patibong, at *agong*, at kulturang di-materyal na pamumuno ng Datu, albularyo, propesiya at mandirigma.

Talahanayan 3. Antas ng Baliditi ng Nabuong Komiks mula sa Kuwentong-Bayan ng Maguindanaon

Domeyn	SD	Mean	Deskriptibong Antas
Nilalaman ng Komiks	0.25	4.79	Lubos na Sumasang-ayon
Paglikha at Anyo	0.35	4.71	Lubos na Sumasang-ayon
Disenyo at <i>Layout</i>	0.22	4.92	Lubos na Sumasang-ayon
Pangkalahatang Ayos	0.24	4.83	Lubos na Sumasang-ayon
Kabuoan	0.26	4.81	Lubos na Sumasang-ayon

Batay sa talahanayan ng antas ng baliditi ng binuong komiks bilang kagamitang pampagtuturo, lumabas na ito ay lubos na sumasang-ayon ang mga guro bilang tagasuri sa kabuuang *mean* na 4.81 (SD = 0.26). Ang nilalaman ng komiks ($m = 4.79$, SD = 0.25), paglikha at anyo ($m = 4.71$, SD = 0.35), disenyo at layout ($m = 4.92$, SD = 0.22), at pangkalahatang ayos ($m = 4.83$, SD = 0.24), ay pawang may parehong deskriptibong antas na lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita nito na ang nabuong komiks ay nakamit ang mataas na antas ng pamantayan bilang kagamitang pampagtuturo.

Talahanayan 4. Antas ng Pagtanggap ng Nabuong Komiks Mula Kuwentong-Bayan ng Maguindanaon Mula sa mga Guro

Domeyn	SD	Mean	Deskriptibong Antas
Nilalaman ng Komiks	0.31	4.86	Lubos na Tinatanggap
Disenyo at Organisasyon	0.30	4.90	Lubos na Tinatanggap
Kalidad ng Teksto at Anyo ng kagamitan	0.32	4.86	Lubos na Tinatanggap
Wika at Pagsasalin	0.31	4.89	Lubos na Tinatanggap

Kaugnayan	0.21	4.91	Lubos na Tinatanggap
Kabuoan	0.29	4.88	Lubos na Tinatanggap

Inilahad sa Talahanayan 4 ang antas ng pagtanggap ng binuong komiks bilang kagamitang pampagtuturo mula sa mga guro bilang tagasuri. Batay sa datos, ang kaugnayan ang nakapagtamo ng pinakamataas na *mean* = 4.88 (SD = 0.29) na nangangahulugang lubos na tinatanggap. Sinundan ito ng disenyo at organisasyon (*m* = 4.90, SD = 0.30), wika at pagsasalin (*m* = 4.80, SD = 0.31), kalidad ng teksto at anyo ng kagamitan (*m* = 4.86, SD = 0.30), at nilalaman ng komiks (*m* = 4.86, SD = 0.31), ay parehong nakatanggap ng deskriptibong antas na lubos na tinatanggap. Sa pangkalahatan, ang pagtanggap ng komiks bilang kagamitang pampagtuturo ayon sa mga gurong tagasuri ay nakatanggap ng kabuuang *mean* na 4.88 (SD = 0.29), na may deskripsiyong napakaangkop.

Talahanayan 5. Antas ng Pagtanggap ng nabuong komiks mula Kuwentong-Bayan ng Maguindanaon Mula sa mga Mag-aaral

Domeyn	SD	Mean	Deskriptibong Antas
Nilalaman ng Komiks	0.31	4.84	Lubos na Tinatanggap
Disenyo at Organisasyon	0.15	4.95	Lubos na Tinatanggap
Kalidad ng Teksto at Anyo ng kagamitan	0.24	4.91	Lubos na Tinatanggap
Wika at Pagsasalin	0.20	4.93	Lubos na Tinatanggap
Kaugnayan	0.41	4.75	Lubos na Tinatanggap
Kabuoan	0.26	4.87	Lubos na Tinatanggap

Batay sa naging resulta ng pagsusuri ng antas ng pagtanggap ng nabuong komiks bilang kagamitang pampagtuturo, lumabas na ito ay lubos na tinatanggap ng mga mag-aaral bilang tagasuri sa kabuuang *mean* na 4.87 (SD = 0.26). Ang pamantayang, disenyo at organisasyon ng kagamitan ay nakatanggap ng pinakamataas na *mean* = 4.95 (SD = 0.15) na nangangahulugang lubos itong tinatanggap ng mga tagasuri. Sinundan ito ng wika at pagsasalin (*m* = 4.93, SD = 0.20), kalidad ng teksto at anyo (*m* = 4.91, SD = 0.24), nilalaman ng komiks (*m* = 4.84, SD = 0.31), at panghuli ang kaugnaya (*m* = 4.75 SD = 0.41), na nakakuha ng parehong deskriptibong antas na lubos na tinatanggap.

Talahanayan 6. Makabuluhang pagkakaiba sa Antas ng Pagtanggap ng Nabuong Komiks mula sa mga Guro at Mag-aaral

Balideytor	SD	Mean	t-cal	P-value	Interpreatsyon
Guro	0.29	4.88	0.74	0.46	Walang Makabuluhang Pagkakaiba
Mag-aaral	0.26	4.87			
Kabuoan	0.42	4.87			

a=0.05 level of significance

Batay sa Talahanayan 6, ang *mean* ng mga guro ay 4.88 (SD = 0.29) habang ang *mean* ng mga mag-aaral ay 4.87 (SD = 0.26). Ang *t-calculated* ay 0.74 at may *p-value* na 0.46, na mas mataas sa 0.05 antas ng kahalagahan (level of significance).

Ipinapakita ng resulta na walang pagkakaiba sa lebel ng akseptabilidad ang komiks sa pagitan ng mga guro at mag-aaral. Dahil ang *p-value* (0.46) ay mas mataas sa 0.05, nangangahulugan ito na walang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mag-aaral tungkol sa komiks bilang kagamitang pampagtuturo. Ibig sabihin, ang kanilang mga opinyon ay hindi nagkakaiba at pareho nilang kinikilala ang halaga ng komiks sa pagtuturo.

KONKLUSYON

Batay sa isinagawang pag-aaral, napatunayan na ang pagsasalin ng mga piling kuwentong-bayan ng Maguindanaon sa Filipino ay lubos na angkop. Nangangahulugan ito na maayos ang pagkakasalin na may kawastuhan at kalinawan. Lumabas din na ang mga kuwentong ito ay mayaman sa materyal at di-materyal na kultura, na nagpapakita ng mayaman sa kultura ang mga taga Barangay Sisiman, Lutayan, Sultan Kudarat.

Dagdag pa rito, ang nabuong komiks bilang kagamitang pampagtuturo ay may mataas na antas ng baliditi. Nangangahulugang ito ay epektibong kagamitan sa pagtuturo. Parehong positibong tinanggap ng mga guro at mga mag-aaral ang komiks, kung saan lumabas na walang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang pananaw. Nangangahulugan itong parehong naniniwala ang guro at mga mag-aaral na mainam na gamitin ang komiks sa patuturo.

SANGGUNIAN

- [1] Alunan, M. (2015). Sa atong dila: Introduction to Visayan literature. Quezon City: University of the Philippines Press.
- [2] Dalandangan, F. (2017). Mga kwentong bayan at epikong Balatamay Lumëna: Pagmamapang Pangkasaysayan sa Lipunan ng mga Magindanawn Taw sa Laya. Disertasyon. Iligan City: MSU-Iligan Institute of Technology.
- [3] Daniels, H. (2001). Vygotsky and Pedagogy. Routledge.
<https://doi.org/10.4324/9780203469576>
- [4] Driscoll, M. P. (2000). Psychology of learning for instruction (2nd ed.). Needham Heights, MA: Allyn & Bacon.
- [5] Gonsang, S. (2023). Pagtatagpo ng kasaysayan at panitikan sa mga tudtulan ng mga Sinaunang Maguindanaon. TALA: An Online Journal of History, vol. 6, no. 1, June
- [6] Mangindra, A. P. (2019). Addat: Ang Pagsasanib ng katutubong kulturang moro at impluwensiyang islamiko sa mga epiko ng Magindanawn-Taw sa Laya. Disertasyon. MSU-Iligan Institue of Technology, Lungsod Iligan



- [7] Mangindra at Sandoval (2021). Maguindanaon-Taw sa Laya epics Balatamay Lumëna, Diwata Kasaripan and Raha Samadaya: A Reflection of their addat. International Journal of Research Studies in Education, 2021 Volume 10 Number 4, 101-110.
- [8] Mantikayan, N. (2016). Klasipikasyon ng kultura sa mga kuwentong bayan ng pangkat-etnikong Maguindanaon. Tesis Pangmasteral. Kabacan, Cotabato: University of Southern Mindanao.
- [9] Nibalvos, I. M. P. (2019). Lipunan at panitikan: pag-uugat ng kapilipinohan sa pagbubuo ng literaturang pambansa. Malay, 32(1). www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-32/1/7-nibalvos.pdf
- [10] Saliao, T. S. (2013). Kuwentong Bayan ng Maguindanaon: batayan sa pagbuo ng isinalarawang salaysay. Master's Thesis. Sultan Kudarat State University.